
Accessible version: https://www.cdc.gov/healthywater/hygiene/diapering/in-the-home.html

# Ligtas at Malusog na Paggamit ng Diaper sa Tahanan



**Protektahan ang iyong sarili at anak mula sa mga mikrobyo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang sa paggamit ng diaper na ito.**



## 1. LINISIN ANG BATA

*Panatilihing hawak ang bata sa lahat ng oras para sa kaligtasan!*

- Ipatong ang bata sa lugar na pagsusuutan ng diaper at tanggalin ang pagkakakabit ng diaper.
- Linisin ang bahaging pinagsusuutan ng diaper ng bata gamit ang malinis na baby wipes. Palaging punasan mula harap papuntang likod.
- Panatilihing malayo ang maruruming diaper/damit sa anumang lugar na hindi madaling malilinis




## 2. ALISIN ANG MARUMING DIAPER

**Kung gumagamit ng mga telang diaper o lampin ang bata:**

- Ilagay ang mga gamit na disposable na baby wipes sa basurahang may takip at plastic o ilagay ang mga telang pamunas sa timba para sa telang diaper o lampin.
- Kapag dumumi ang bata, tiklupin nang pasara ang lampin at itabi muna, sa lugar na hindi abot ng bata.
- Kung hindi dumumi ang bata, ilagay ang maruming lampin sa isang timba para sa telang diaper o lampin.

**Kung gumagamit ng mga disposable na diaper ang bata:**

- Ilagay ang mga gamit na baby wipe sa maruming diaper.
- Ilagay ang maruming diaper at mga gamit na baby wipe sa basurahang may takip at plastic.



## 3. PALITAN ANG DIAPER

- Magsingit ng malinis na diaper sa ilalim ng bata.
- Maglagay ng diaper cream kung kinakailangan.
- Ikabit ang diaper at damitan ang bata.



## 4. HUGASAN ANG MGA KAMAY NG BATA

- Hugasan ang mga kamay ng bata gamit ang sabon at tubig at ilagay siya sa lugar kung saan may nakabantay sa kanya.



## 5. LINISIN ANG LUGAR NA PINAGSUSUUTAN NG DIAPER

**(Lalo na kung may mga tumagos o tumagas na laman ng diaper)**

- Kung waterproof ang lugar na pinagsusuutan ng diaper, punasan ang anumang makikitang dumi gamit ang mamasa-masang tuwalyang papel o baby wipe. Tapos, kuskusin gamit ang disinfectant at hayaang matuyo ang lugar sa hangin.
- Kung may telang takip ang lugar na pinagsusuutan ng diaper, tanggalin ang nadumihang takip at palitan ito ng malinis.



## 6. I-FLUSH ANG DUMI **(Kung gumagamit ng mga telang diaper o lampin)**

- Kung dumumi ang bata sa diaper, itapon ang dumi sa inidoro. Ingatang hindi mahawakan ang anumang iba pang surface o ibabaw.
- Ilagay ang maruming diaper sa basurahan o timba para sa telang diaper o lampin.



## 7. MAGHUGAS NG KAMAY

- Hugasan nang maigi ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig.

**Centers for Disease Control and Prevention**
National Center for Emerging and Zoonotic Infectious Diseases

CS255670